Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
SCHOOLS DIVISION OF BULACAN

Setyembre 7, 2023

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 388, s. 2023

**PANSANGAY NA PAGPAPABASA SA MGA MAG-AARAL
MULA BAITANG 1 – BAITANG 6**

Sa mga: Hepe ng CID
Tagamasid Pampurok
Puno ng mga Paaralang Elementarya
Sa iba pang kinauukulan

1. Bilang pagtugon sa Programa ng Kagawaran ng Edukasyon sa Pagbasa na Every Child a Reader Program (ECARP), 5B's Bawat Batang Bulakenyo Bihasang Bumabasa at Project BBK – Basa Nang Basa Tungo sa Komprehensiyon, ang Tanggapang Pansangay ay magkakaroon ng isang (1) araw na pagpapabasa sa Sangay ng Bulacan sa ika-22 ng Setyembre 2023, mula Baitang 1 hanggang Baitang 6.

2. Ang mga layunin ng gawaing ito ay:
   A. matukoy nang agaran ang mga kasanayang hindi malinang sa mga mag-aaral sa kanilang grade level.
   B. mabigyan ng kaukulang interbensiyon ang mga hindi nalinang na kasanayan at;
   C. maikintal sa puso at isipan ng mga mag-aaral ang kultura ng pagbasa.

3. Ang pagpapabasa sa lahat ng antas ay isasagawa sa lahat ng paaralan. Ang mga gurong magpapabasa ay itatalaga ng Punong Guro o Tagamasid Pampurok.

4. Ang baiting na pababasahin ng mga guro ay hindi nila advisory class. Ang palitan ng seksiyon o baitang ay mula sa paaralang pinagtuturuan lamang.

5. Ang mga materyales na gagamitin sa pagpapabasa ay manggagaling sa Tagamasid Pansangay at ibibigay bago ang takdang araw ng pagpapabasa.

6. Ang lahat ng gagamiting materyales ay ipadadala ng Tagamasid Pansangay sa Group Chat ng PSDS.

7. Iminumungkahi ang paggamit ng computer-aided assessment sa gawaing ito hangga't maaari.

8. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

**NORMA P. ESTEBAN, EdD, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

**Baitang 1**

**Panuto:** Tukuyin ang pangalan ng letra at itunog ang mga ito.

1. Tt

2. Gg

3. Hh

4. Ss

5.Dd

**Baitang 2**

**Panuto:** Basahin ang sumusunod na salita at gamitin sa sariling pangungusap.

1. ma-ni-ka
2. pa-a-ra-lan
3. med-yas
4. ha-la-man
5. man-sa-nas

# MAGPALIPAD TAYO NG SARANGGOLA

Maganda ang panahon. Gustong maglaro ni Niko. Niyaya ni Niko na maglaro ang kakambal na si Noli. Pumunta ang kambal sa labas. May dala silang mga saranggola. Makukulay ang mga saranggola ng kambal.

Pinalipad agad nila ang mga saranggola. Mataas ang lipad ng saranggola ni Niko.

Napansin ni Niko si Noli. Malungkot ang mukha ni Noli habang nakatingin kay Niko.

"Halika, tuturuan kita kung paano paliparin ang saranggola." sabi ni Niko.

Tumingin si Noli. Ipinakita ni Niko kay Noli kung paano magpalipad. Ilang saglit pa, nakangiti na si Noli.

"Salamat, Niko," wika niya.

"Maraming salamat mga bata. Natatapos agad ang gawain kung nagtutulungan," sabi niya.

## Mga Tanong:

1. **Saan pumunta ang mga bata?**
   a. sa labas
   b. sa paaralan
   c. sa simbahan
2. **Ano ang gusto nilang gawin?**
   a. kumain
   b. maglaro
   c. magpahinga
3. **Anong panahon kaya magandang magpalipad ng saranggola?**
   a. maaraw
   b. mahangin
   c. maulan
4. **Bakit kaya tinuruan ni Niko ng tamang paglipad si Noli?**
   a. Walang sariling saranggola si Niko.
   b. Nasira ang hawak na saranggola ni Niko.
   c. Hindi mapalipad ni Niko ang saranggola niya.
5. **Anong uri ng kapatid si Niko?**
   a. maasikaso
   b. magalang
   c. matulungin
6. **Bakit napangiti na si Noli sa katapusan ng kuwento?**
   a. Napalipad na niya ang saranggola.
   b. Binigyan siya ng premyo.
   c. Nanalo siya sa paglalaro.

Baitang 5

# TAGTUYOT HATID NG EL NIÑO

Tagtuyot ang hatid ng El Niño. Dahil dito, bumababa ang water level at nagkukulang sa suplay ng tubig sa mga anyong tubig, gaya ng mga ilog at batis. Nagkukulang din sa suplay ng tubig sa mga imbakan gaya ng La Mesa Dam na matatagpuan sa Lungsod Quezon at Angat Dam sa Bulacan. Ang mga ito ang pinagkukunan ng tubig sa Kamaynilaan at sa mga karatig probinsya nito.

Malaki ang epektong dulot ng El Niño sa buhay ng tao. Kukulangin ang suplay ng tubig na inumin, pati na rin ang gagamiting tubig para sa iba pang pangangailangan.

Hindi lamang tao ang mahihirapan sa epekto ng tagtuyot. Kung kulang ang tubig, magkakasakit ang mga hayop at maaari rin silang mamatay.

Ang tubig ay kailangan din ng mga halaman at kagubatan. Maraming apektadong taniman kung kulang ang patubig. Dahil sa sobrang init, maaaring mag-apoy ang mga puno na nagdudulot ng sunog.

Isang malaking tulong sa panahon ng El Niño ay ang pagtitipid ng tubig. Iwasang aksayahin at gamitin ang tubig sa hindi mahahalagang bagay.

## Mga Tanong:

1. **Ano ang nangyayari kapag may El Niño?**
   a. tagtuyo
   b. red tide
   c. ipu-ipo
   d. bagyo
2. **Maliban sa tao, ano-ano pa ang maaapektuhan sa El Niño?**
   a. hayop, halaman at gubat
   b. hangin, lupa at buhangin
   c. bato, semento at tubig
   d. ulap, araw at bituin
3. **Ano ang HINDI nagaganap kapag tagtuyot?**
   a. pag-ihip ng hangin
   b. pag-ulan
   c. pagdilim
   d. pag-araw
4. **Ano kaya ang nararamdaman ng mga tao kapag El Nino?**
   a. giniginaw
   b. masigla
   c. naiinitan
   d. nanlalamig

**5. Bakit kaya maaaring maraming magutom kapag tagtuyot?**

a. Magkakasakit ang mga tao.
b. Tatamarin magluto ang mga tao.
c. Kukulangin ang tubig sa pagluluto.
d. Hindi makapagtatanim ang magsasaka.

**6. Bakit kayang mahalaga na mabasa at maintindihan ang talatang ito?**

a. para maiwasan ang pagkakaroon ng El Niño
b. para magtulungan sa pagtitipid ng tubig
c. para magkaroon ng lakas ng loob
d. para hindi maging handa sa tag-ulan

**7. Ano ang HINDI nakasaad sa seleksyon?**

a. ang dahilan ng El Nino
b. ang mga epekto ng El Nino
c. ang maaaring gawin kapag may El Nino
d. kung sino at ano ang apektado sa El Nino